Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng Heneral Trias

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG HENERAL TRIAS, KABITE NA GINANAP NOONG IKA-3 NG AGOSTO, 1995 SA SESSION HALL NG BAHAY PAMAHALAAN.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Francisco B. Grepo . . . . . . . . . . | Pangalawang Punong Bayan/ Tagapangulo |
| Kgg. Ruben M. Parani . . . . . . . . . . . | Kagawad/Maj. Floor Leader |
| Kgg. Felix A. Grepo . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Abelardo S. Parani . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Rodolfo P. Satsatin. . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Danilo D. Alcaraz . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Arturo P. Tacos . . . . . . . . . . . | Kagawad/Minority Floor Leader |
| Kgg. Bienvenido M. Custodio . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Rogelio M. Culanding . . . . . . . . . | Kagawad/ABC President |
| Kgg. Ariel M. Mugol . . . . . . . . . . . | Kagawad/SK President |

DI DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Luis A. Ferrer IV. . . . . . . . . . . | Kagawad/Asst. Majority Floor Leader |

## KAPASIYAHAN BLG. 47-95

SAPAGKA'T, maraming mamumuhunan ang nagtatayo at naglalagay na negosyo sa bayang ito na walang pangalan ang pagawaan, barangay na nakakasakop at produktong kanilang ginagawa ang mapagkakakilanlan;

SAPAGKA'T, ang paglalagay ng pangalan ng pagawaan ay mahalaga at kinakailangan upang ang mga mamamayan ay magkaroon ng tamang impormasyon.

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Felix A. Grepo na pinangalawahan ng lahat, na isang kautusan na nagtatakda sa sinumang tao o mga tao na namamahala ng pabrika sa bayang ito na maglagay ng karatula na nakasaad ang pangalan ng pabrika, barangay na nakakasakop at produkto nito, at ito ay makikilala na KAUTUSANG PAMBAYAN Blg. 2-95 na mababasa tulad ng sumusunod:

## KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 2-95

ISANG KAUTUSAN NA NAGTATAKDA SA SINUMANG TAO O MGA TAO NA NAMAMAHALA NG PABRIKA SA BAYAN NG HENERAL TRIAS AY KINAKAILANGANG MAGLAGAY NG KARATULA NA KASAMA ANG PANGALAN NG PAGAWAAN, BARANGAY NA NAKAKASAKOP AT URI NG PRODUKTO NITO AT PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN.

Isinabatas ng Sangguniang Bayan ng Heneral Trias, Kabite, na

Pangkat 1. - Na ang sinumang tao o mga tao na namamahala ng pabrika ay kinakailangang ng karatula na mapagkakakilanlan ng pangalan ng pagawaan, barangay na nakakasakop at uri ng produktong ginagawa.

Pangkat 2. - Na ang magiging sukat o laki ng karatula ay 4' x 8' at nakasaad ang pangalan ng pabrika, barangay na nakakasakop at uri ng produktong ginagawa.

DANILO D. ALCARAZ
ARIEL M. MUGOL
RODOLFO P. SATSATIN
ROGELIO M. CULANDING
ABELARDO S. PARANI
BIENVENIDO M. CUSTODIO
FELIX A. GREPO
ARTURO P. TACOS
RUBEN M. PARANI

Pangkat 3. - Ang sinumang tao na lumabag o hindi tumupad sa kautusang ito ay lalapatan ng kaparusahan.

Unang Paglabag - Pagbibigay ng babala sa loob ng isang (1) linggo.

Ikalawang Paglabag - Pagmumulta ng halagang ₱2,500.00.

Ikatlong Paglabag - Pagmumulta at pagpapatigil ng operasyon ng pabrika sa loob ng dalawang (2) linggo.

Pangkat 4. - Ang kautusang ito ay magkakabisa tatlumpung (30) araw mula sa araw ng pagkakapagpatibay.

Pinagtibay, Agosto 3, 1995.

FRANCISCO B. GREPO
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

RUBEN M. PARANI
Kagawad/
Majority Floor Leader

FELIX A. GREPO
Kagawad

ABELARDO S. PARANI
Kagawad

RODOLFO P. SATSATIN
Kagawad

DANILO D. ALCARAZ
Kagawad

ARTURO P. TACOS
Kagawad/
Minority Floor Leader

BIENVENIDO M. CUSTODIO
Kagawad

ROGELIO M. CULANDING
Kagawad/
ABC President

ARIEL M. MUGOL
Kagawad/
SK President

PINATUTUNAYAN:

EUGENIA G. SAN JOSE
Kalihim

PINAGTIBAY:

DENCITO P. CAMPAÑA
Punong Bayan